

Filipino

Tanggapin ang resulta
ng iyong assessment

Maghintay na
mailaan ang mga
serbisyo

Humanap ng
Support at Home
na provider

Pumasok sa isang
kasunduan sa
serbisyo

Pamahalaan
ang iyong mga
serbisyo

Pagsasaliksik sa mga provider ng Support at Home

Ngayong naaprubahan ka na para sa programang Support at Home, kakailanganin mong magsaliksik sa mga tagapagkaloob at alamin kung nag-aalok sila ng mga serbisyong nakakatugon sa iyong tinasa na mga pangangailangan at iyong badyet. Dapat mong isaalang-alang ang anumang mga espesyal na kinakailangan. Halimbawa, ang ilang provider ay dalubhasa sa mga serbisyo, tulad ng isang partikular na wika o suporta sa demensya.

Makakahanap ka ng mga provider sa iyong lokal na lugar gamit ang tool na 'Find a provider' sa website ng My Aged Care sa **MyAgedCare.gov.au/Find-A-Provider** o tumawag sa My Aged Care sa libreng tawag **1800 200 422**.

Maaari ka ring bumisita sa isang service center ng Services Australia o mag-book online para sa isang libreng face-to-face appointment para sa pangkalahatang impormasyon. Para sa malalim na suporta, maaari ka ring makipag-usap sa isang Aged Care Specialist Officer kung mayroong isa sa iyong lugar, o gamit ang video chat. Bisitahin ang **ServicesAustralia.gov.au/My-Aged-Care-Face-To-Face-Services** o libreng tawag sa **1800 227 475**.

Maaari ba akong pumili kung anong mga serbisyo ang ibibigay sa akin?

Maaari kang magsabi kung aling mga inaprubahang serbisyo ang gusto mong ihatid pati na rin kung sino ang maghahatid ng mga serbisyong iyon. Talakayin ang iyong nasuri na mga pangangailangan sa pangangalaga at mga layunin sa mga potensyal na tagapagkaloob upang maunawaan kung paano sila pinakamahusay na makakasuporta sa iyo.

Maaaring kabilang sa iyong mga naaprubahang serbisyo ang paglilinis, mga gawain sa bahay, magaan na paghahalaman, tulong sa paliligo, paliligo at pagbibihis, mga serbisyo ng nars, pahinga, suportang panlipunan o mga serbisyo sa transportasyon.

Magdala ng kopya ng iyong sulat ng pag-apruba sa Suporta sa Tahanan at plano ng suporta pati na rin ang resulta ng pagtatasa (assessment) ng iyong kita (kung mayroon ka nito) sa mga potensyal na provider, dahil makakatulong ito sa iyong mga talakayan.

Magkano ang bayad sa bawat serbisyo?

Sa ilalim ng Support at Home, babayaran mo lang ang mga serbisyo na natatanggap mo.

Dapat ilathala ng bawat provider ang kanilang pinaka-karaniwang presyo para sa mga serbisyong inihahatid nila sa kanilang website at sa website ng My Aged Care. Maaari mong tingnan at ihambing ang impormasyon sa pagpepresyo gamit ang tool na 'Find a provider' sa website ng My Aged Care sa **MyAgedCare.gov.au/Find-A-Provider**.

Mayroong mga proteksyon na nakalagay upang matiyak na ang iyong mga presyo ay makatwiran at transparent. Dagdagan ang pagkatuto sa **MyAgedCare.gov.au/Support-Home-Program**.

Magkano ang kailangan kong iambag sa halaga ng mga serbisyong natatanggap ko?

Ganap na popondohan ng pamahalaan ang klinikal na pangangalaga, tulad ng nursing at physiotherapy. Ang iyong antas ng kontribusyon ay mag-iiba ayon sa uri ng serbisyong natanggap at ang iyong kita at mga ari-arian.

Ang Services Australia ay magsasagawa ng pagtatasa ng kita at asset, katulad ng age pension means test, upang matukoy ang iyong rate ng kontribusyon.

Ang Services Australia o ang Department of Veterans' Affairs (DVA) ay maaaring mayroon na ng iyong mga detalye sa pananalapi mula sa isang nauugnay na kabayaranang income support. Kailangan mong tiyakin na ang iyong mga detalye sa pananalapi ay napapanahon (updated).

Kumpirmahin kung kailangan mong kumpletuhin ang isang means assessment sa pamamagitan ng pagpunta sa website ng Services Australia: **ServicesAustralia.gov.au/Aged-Care-Calculation-Your-Cost-Care**.

Kung kailangan mo ng tulong upang maunawaan o magkumpleto ang means assessment:

- libreng pagtawag sa telepono sa Services Australia sa **1800 227 475**, Lunes hanggang Biyernes mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
- bumisita sa isang service center ng Services Australia o mag-book online para sa isang libreng harapang appointment sa **ServicesAustralia.gov.au/My-Aged-Care-Face-To-Face-Services** o libreng tawag sa **1800 227 475**.

Kung hindi ka magkukumpleto ng means assessment, ang iyong mga kontribusyon ay itatakda sa pinakamataas na halaga.

Dapat mong sabihin sa Services Australia sa loob ng 14 na araw ang anumang pagbabago sa iyong katayuan sa pananalapi na maaaring makaapekto sa iyong kontribusyon.

Upang makakuha ng pagtatantya ng mga kontribusyon na maaaring hilingin sa iyo na bayaran, gamitin ang Support at Home fee estimator sa **MyAgedCare.gov.au/Support-At-Home-Fee-Estimator**.

Ang tulong sa paghihirap sa pananalapi ay maaaring makatulong sa iyo kung, sa mga kadahilanang hindi mo kontrolado, hindi mo kayang mag-ambag. Matuto nang higit pa sa **MyAgedCare.gov.au/Financial-Hardship-Assistance**.

Paano tinitiyak ng provider ang kalidad ng serbisyo?

Ang Pahayag ng Mga Karapatan sa bagong Aged Care Act ay titiyakin na ikaw ay nasa sentro ng iyong pangangalaga sa matatanda. Maaari mong tanungin ang mga provider kung paano nila titiyakin na makakagawa ka ng mga desisyon tungkol sa iyong buhay na hindi lamang tatanggapin kundi igagalang ang iyong mga piniling desisyon.

Tinutukoy ng pinalakas na Pamantayan sa Kalidad ng Aged Care kung ano ang hitsura ng kalidad ng pangangalaga. Maaari mong hilingin sa mga provider na bigyan ka ng impormasyon sa paraang mauunawaan mo at maipaliwanag kung ano ang kahulugan nito para sa iyo.

Dapat ding sundin ng lahat ng tagapagbigay ng pangangalaga at manggagawa sa matatanda ang Code of Conduct for Aged Care. Maaari mong tanungin ang mga tagapagkaloob kung paano sila kumikilos alinsunod sa Kodigo upang matiyak ang pinakamahusay na kasanayan sa pangangalaga at suporta.

Ang pamahalaan ay gumagawa ng bagong modelo ng screening ng manggagawa na magpapakita ng mas matatag na mga pagsusuri sa screening sa pamamagitan ng pag-ayon ng aged care screening sa National Disability Insurance Scheme. Maaari mong

tanungin ang mga tagapagkaloob kung paano nila susuriin na ang lahat ng mga manggagawa ay angkop na magtrabaho sa pangangalaga sa matatanda.

Ang lahat ng manggagawa sa pangangalaga sa may edad na ay dapat magkaroon ng naaangkop na mga kwalipikasyon, kasanayan at karanasan. Maaari mong tanungin ang iyong provider kung mayroon silang programa sa pagsasanay at kung anong mga kwalipikasyon ang inaasahan nila bago sila makapagtrabaho para sa kanilang mga kalahok.

Matuto nang higit pa sa

MyAgedCare.gov.au/Know-Your-Rights.

Paano pinangangasiwaan ng provider ang mga reklamo?

Pinangangasiwaan mo ang iyong sariling pangangalaga at may kontrol sa kung sino ang naghahatid ng iyong pangangalaga, at kung saan at kailan nila ito ihahatid. Tanungin ang provider kung anong proseso ang mayroon sila para humiling ng pagbabago ng care worker, anumang mga panahon ng paunawa at/o mga implikasyon sa gastos at kung mayroong proseso ng mga reklamo.

Kung hindi mo mareresolba ang isang alalahanin o reklamo sa iyong provider, o hindi komportable na gawin ito, maaari kang makipag-ugnayan sa **Aged Care Quality and Safety Commission (ACQSC)** sa **1800 951 822**.

Para sa impormasyon sa iyong mga karapatan sa aged care at para sa suporta kapag nagsasabi ng mga alalahanin, tawagan ang Older Persons Advocacy Network (OPAN) sa **1800 700 600** o bisitahin ang **OPAN.org.au** Ang mga serbisyong ito ay libre, kumpidensyal at independiyente.

Maaari ba akong magdala ng isang tao sa aking talakayan sa mga provider?

Maaari kang magsama ng isang taong tagasuporta tulad ng isang miyembro ng pamilya, kaibigan o tagapag-alaga upang makipag-usap sa provider kung paano mo gustong masuportahan.

Ang iyong taong sumusuporta ay maaaring maging iyong rehistradong tagasuporta. Ang pagkakaroon ng rehistradong tagasuporta ay hindi pumipigil sa iyo na gawin ang isang bagay na magagawa mo mismo.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **MyAgedCare.gov.au** o tumawag sa **1800 200 422**.

Mga susunod na hakbang

Alamin kung ano ang maaaring kailanganin mong iambag sa gastos ng iyong pangangalaga sa pamamagitan ng paggamit ng Support at Home fee estimator sa **MyAgedCare.gov.au/Support-At-Home-Fee-Estimator**.

Maghintay ng sulat mula sa My Aged Care na nagpapayo sa iyo tungkol sa pagtatalaga ng iyong pagpopondo sa Support at Home. Magsasama ito ng referral code na ibibigay mo sa iyong provider.

Um-access sa iyong Support at Home support plan, mga pag-apruba at mga sulat sa iyong My Aged Care Online Account sa pamamagitan ng myGov. Ang iyong rehistradong tagasuporta ay maaari ding maka-access sa impormasyong ito.

Humanap ng karagdagang impormasyon kung paano ang pag-set up at pag-access sa iyong Online Account sa pamamagitan ng myGov sa **MyAgedCare.gov.au/Access-Your-Online-Account**.

Karagdagang impormasyon

Para sa detalyadong impormasyon tungkol sa programang Support at Home, maaari mong basahin ang buklet na Suporta sa Tahanan sa website ng My Aged Care sa **MyAgedCare.gov.au**.

Maaari ka ring mag-order ng hard copy ng booklet na ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa National Mailing and Marketing sa pamamagitan ng pag-email sa **Health@NationalMailing.com.au** o pagtawag sa **(02) 6269 1025**.

Para sa tulong

- Bisitahin ang **MyAgedCare.gov.au**.
- Telepono **1800 200 422**.
- Harapan: bisitahin ang isang service center ng Services Australia o mag-book online para sa isang libreng harapang appointment para sa pangkalahatang impormasyon at suporta. Para sa mas malalim suporta, maaari kang makipag-usap sa isang Aged Care Specialist Officer kung mayroon sa inyong lugar, o gamit ang video chat.

Bisitahin ang **ServicesAustralia.gov.au/My-Aged-Care-Face-To-Face-Services** o libreng tawag sa **1800 227 475**.

Listahan (Checklist)

- ☐ Isalang-alang kung ano ang mahalaga sa iyo at kung paano maihahatid ng mga potensyal na provider ang mga serbisyong kailangan mo at nais mong tulungan kang pamahalaan sa bahay.
- ☐ Gumawa ng shortlist ng mga provider sa iyong lokal na lugar:
 - ☐ gamitin ang tool na 'Maghanap ng provider' sa website ng My Aged Care sa **MyAgedCare.gov.au/Find-A-Provider**.
 - ☐ ihambing ang mga provider kasama ang kanilang mga presyo para sa ilang karaniwang serbisyo na maaari mong matanggap sa pamamagitan ng iyong plano sa suporta sa Support at Home
 - ☐ bisitahin ang isang service center ng Services Australia o mag-book online para sa isang appointment: **ServicesAustralia.gov.au/My-Aged-Care-Face-To-Face-Services** o libreng tawag sa **1800 227 475**.
- ☐ Talakayin ang iyong mga opsyon sa iyong network ng suporta.